

MAS MAGANDANG MGA SERBISYO PARA SA MAS MARAMING MGA BATA

Mga Bata at Kabataan na may mga
Pangangailangang Suporta
Balangkas ng Serbisyo at Buod ng mga
Paglalarawan ng Serbisyo

Abril 1, 2022



Ministry of
Children and Family
Development

Talaan ng Nilalaman

Children and Youth with Support Needs Service Framework.....	3
Honouring Rights	3
What We Heard	4
Purpose of this Service Framework.....	4
Vision	5
Children and Youth With Support Needs.....	6
Service Foundations.....	7
Service Descriptions.....	8
Family Connections Centres.....	9
Disability Services	11
Provincial Services	11
Conclusion.....	11

Balangkas ng Mga Bata at Kabataan na may mga Pangangailangang Suporta

Kapag ang isang bata o kabataan ay nagpapakita ng mga palatandaan ng pangangailangan ng isang pag-unlad o paggana, kapansanan, o isang nakikitang posibilidad ng pagkaantala, kailangan nila ng suporta sa lalong madaling panahon.

Ang pagkuha ng diagnosis ay hindi madali at maaaring tumagal ng mga buwan o mga taon; maraming mga bata ang nawawalan ng mahalagang oras para sa mga serbisyo at suporta ng maagang interbensyon. Sa kasalukuyan ay hindi nila makuha ang mga serbisyo nang walang tiyak na diagnosis, at kahit na may isa, ang mga serbisyo at suporta ay hindi palaging makukuha o magagamit. Ang katotohanan para sa maraming mga pamilyang Katutubo, at iba pang mga pamilyang nakakaranas ng diskriminasyon, ay ang paghahanap ng diagnosis ay hindi lamang ang hadlang. Ang istrukturang kapootang panlahi, ang kasaysayang nakaka-trauma sa mga relasyon sa sistema ng proteksyon ng bata, at estigma ay lahat ay gumaganap ng isang papel sa paglikha ng mga hadlang para sa mga bata at kanilang mga pamilya sa pagkuha sa mga serbisyo at mga suporta na kailangan nila.

Ang Ministryo ng Pag-unlad ng Mga Bata at Pamilya [Ministry of Children and Family Development (MCFD)] ay nangunguna sa isang sistematikong paglilipat upang matulungan ang higit pang mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta at ang kanilang mga pamilya ay makakuha ng mga serbisyong kailangan nila. Ang paglilipat na ito ay makakatulong na masira ang mga hadlang at magbigay ng higit na pagkuha sa mga serbisyong ligtas sa kultural at sensitibo sa kultura, saanman nakatira ang mga tao.

Ang Balangkas ng Serbisyo at balangkas ng mga paglalarawan ng serbisyo:

- 1) Ang mga halaga at mga intensyon ng pagbabago ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta;
- 2) Ang tatlong pangunahing bahagi ng bagong sistema (mga sentro ng koneksyon sa pamilya, Mga Serbisyo para sa Kapansanan, at Mga Serbisyong Panlalawigan);
- 3) Mataas na antas ng mga detalye kung ano ang magiging hitsura ng bawat pangunahing bahagi ng serbisyo.

Paggalang sa mga Karapatan

Ang mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta ay isang magkakaibang komunidad. Ang mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta ay magtataguyod ng ligtas sa kultura na pagkuha na sumusuporta sa pagkakaiba-iba, kagalingan, at pag-unlad, at iginagalang ang kanilang mga karapatan. Ang Balangkas ng Serbisyo ay batay sa pag-unawa at pagkilala sa:

- Ang Deklarasyon sa Mga Karapatan ng Bata;
- Ang Kombensyon sa Mga Karapatan ng mga Taong may Kapansanan;

- Mga Karapatan ng mga Katutubo at Pangako sa Pakikipagkasundo kabilang ang Deklarasyon ng mga Karapatan ng mga Katutubong Tao ng United Nations [United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UNDRIP)], Batas ng Deklarasyon ng mga Karapatan ng mga Katutubong Tao ng B.C. [Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act] at ang Komisyon ng mga Panawagan sa Aksyon sa Katotohanan at Pagkakasundo ng Canada [Calls to Action of the Truth and Reconciliation Commission of Canada (TRC)] ;
- Ang Prinsipyo at ang Pagkilala sa mga Serbisyo para sa mga Katutubong Bata, Kabataan at mga Pamilya ng Jordan.

Ang Narinig Namin

Noong 2019, narinig namin mula sa mga bata, kabataan, mga pamilya, mga Katutubong Tao at mga pinuno, mga tagapagbigay ng serbisyo, mga manggagamot, mga kasosyo sa iba't-ibang pamahalaan, at iba pang mga indibidwal na nagbahagi ng kanilang mga kuwento, kaalaman, at mga karanasan sa buhay. Ang Kinatawan para sa mga Bata at Kabataan at ang Permanenteng Piniling Komite sa mga Bata at Kabataan [Select Standing Committee on Children and Youth] ay nanawagan para sa mga pagpapabuti at pati na rin ng isang paglipat sa isang sistema ng mga suporta na nakabatay sa pangangailangan. Ang kontribusyong ito ay humubog sa kasalukuyang Balangkas ng Serbisyo na gumagabay sa pagbuo ng patakaran, mga serbisyo, at mga suporta para sa mga bata, kabataan at kanilang mga pamilya.

Ang COVID-19 na pandemya ay nagpataas ng pangangailangan para sa pagsulong upang matulungan ang mga naghihirap na pamilya dahil marami sa mga serbisyong kailangan at pinagkakatiwalaan nila ay hindi magamit sa panahon ng lockdown.

Layunin nitong Balangkas ng Serbisyo

Ang Balangkas ng Serbisyo na ito ay gumagabay sa paggawa ng desisyon, patakaran, at mga pagbabago sa sistema habang nagsusumikap kaming gawing mas madaling makuha ang mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta at kanilang mga pamilya. Itinatakda nito ang pundasyon upang baguhin ang hanay ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may pangangailangang suporta sa:

- Mga makukuhang suporta batay sa mga kakayahang gumana at mga pangangailangan, kung saan ang diagnosis ay makakapagbigay-alam sa mga interbensyon at mga paraan ngunit hindi kinakailangan upang simulan ang paggamit sa mga serbisyo;
- Mga serbisyong ligtas sa kultura, may kaalaman sa trauma at ginagabayan ng laban sa kapootang panlahi;
- Isang modelo ng paghahatid ng serbisyo na nakabatay sa komunidad, na ginagawang mas madali ang paghahanap at pagkuha ng mga suporta sa pamamagitan ng isang sentral na punto ng pakikipag-ugnayan; at
- Mga priyoridad na serbisyo sa pamamagitan ng mga Katutubong tagapagbigay ng serbisyo para sa mga Katutubong bata, kabataan at mga pamilya.

Ang pagbabago ng mga serbisyo ay magaganap sa mga yugto. Kami ay nakatuon sa pakikipagtulungan sa mga Katutubong tao, pamunuan, mga tagapagbigay ng serbisyo at mga kasosyo upang suportahan ang mga bata, kabataan, kanilang mga pamilya, at mga tagapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng mga pagbabagong ito sa mabuting paraan.

Habang nagpapatuloy tayo sa proseso at pagbabagong ito, ang Ministeryo ay patuloy na makikipag-ugnayan at makikipagtulungan sa mga Katutubo at mga hindi Katutubong pamilya, mga tagapagbigay ng serbisyo, at mga kasosyo sa komunidad upang ipatupad ang Balangkas ng Serbisiyong ito. Ang pakikipag-ugnayan na ito ay makakatulong din na mapabuti ang sistema para sa mga pamilya sa buong lalawigan, at, sa maraming kaso, maghahatid ng mga serbisyo sa mga bata at kabataan at kanilang mga pamilya sa unang pagkakataon.

Pangitain

Sa buong B.C. lahat ng mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta, pati na rin ang kanilang mga pamilya, ay makakakuha ng ligtas sa kultura, at may kaalaman sa trauma na mga serbisyo na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan at tumutulong sa kanila na makamit ang pinabuting kalidad ng buhay, kabilang ang panlipunang pagsasama. Ang mga serbisiyong ito ay pararangalan ang kultura at bigyan ng kapangyarihan ang mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya na pagyamanin ang kanilang pag-unlad, kakayahan sa pagganap, panlipunang pagsasama, at kalidad ng buhay.

Mga Pagbabago sa Sistema

Sa pamamagitan ng paunang konsultasyon noong 2019 at karagdagang pakikipag-ugnayan at katugunan, natukoy ng Ministeryo ang ilang pangunahing pagbabago sa sistema para sa bagong pamamaraan ng serbisyo:

1) Paglalagay ng Mga Sentro ng Koneksyon sa Pamilya [Family Connections Center] sa Puso ng Komunidad

Sa sentro ng bagong modelong ito ay isang pamamaraan ng serbisyo na magbibigay ng mga suporta sa pag-unlad at mga serbisyo ng interbensyon para sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang 19 taong gulang at kanilang mga pamilya sa mga komunidad sa buong lalawigan. Ang mga ito ay iaalok sa pamamagitan ng mga sentro ng koneksyon sa pamilya. Ang lahat ng mga serbisyo ay gagamit ng mga paraan na nakasentro sa tao at pamilya (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa loob ng komunidad, sa loob ng bahay at virtual) upang direktang suportahan ang mga pamilya.

2) Pagtugon sa mga Pangangailangan ng mga Bata at Kabataan

Ang mga bata at kabataan ay hindi na kailangang maghintay upang makakuha ng dyagnosis bago makatanggap ng interbensyon at suporta sa lalong madaling panahon. Ang bagong pamamaraan ay ibabatay sa mga pangangailangan ng bata, kabataan at pamilya. Nangangahulugan ito ng mas mahusay na pagkuha sa mga serbisyo para sa mas maraming mga bata at kabataan, mas maaga sa kanilang paglalakbay sa pag-unlad. Gayunpaman, ang isang dyagnosis ay maaari ding

magbigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pagpapalano ng serbisyo at dapat ipagpatuloy ng mga pamilya ang isa.

3) *Pare-parehong Serbisyong Makukuha para sa Mga Pamilya*

Ang paglipat mula sa isang tagpi-tagping mga programa sa tatlong mga pare-parehong bahagi ng serbisyo ay magpapadali sa paghahanap ng mga serbisyo para sa mga pamilya: (1) Mga Serbisyong Nakatuon sa Pag-unlad at Layunin sa pamamagitan ng mga sentro ng koneksyon sa pamilya, (2) Mga Serbisyo para sa Kapansanan, at (3) Mga Serbisyong Panlalawigan. Ang landas ng pagkuha sa mga serbisyong ito ay pasisimplehin.

Ang mahalaga, ang pare-parehong mga serbisyo at pinasimpleng pagkuha sa buong lalawigan ay magbubukas ng mga pagkakataon upang matulungan ang mas maraming mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta at bawasan ang dami ng mga pamamahalang kaso na dapat gawin ng mga pamilya.

4) *Pagbubukas ng Pagkuha sa isang Nagpapatuloy na Mga Serbisyo*

Ang bagong modelo ay mag-aalok sa mga pamilya ng pagkuha sa isang mas malawak na hanay ng mga serbisyo para sa kanilang anak o kabataan na may mga pangangailangang suporta. Halimbawa, ang mababang hadlang na pagpapapanatag, pahinga, at mga serbisyo sa kalusugan ng kaisipan ay isasama na ngayon sa loob ng bagong pamamaraan ng serbisyong ito.

Binabawasan namin ang mga hadlang para sa lahat ng pamilyang may mga bata o kabataan na may mga pangangailangang suporta upang makuha nila ang mga serbisyong kailangan nila, kapag kailangan nila.

Mga Kinalabasan

Ang kagalingan at kalidad ng buhay ng mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta at kanilang mga pamilya ay dapat isaalang-alang sa loob ng konteksto ng kanilang mga kalakasan, katatagan, kultura, at komunidad. Kabilang dito ang hanay ng mga salik ng kapaligiran at panlipunan na maaaring makaapekto sa pag-unlad mula sa pagsilang hanggang sa pagtanda.

Ang mga inaasahang resulta sa bagong modelo ay hinihimok nitong pag-uunawa sa kalidad ng buhay, kabilang ang:

- **Pag-unlad:** Ang mga bata at kabataan ay sumusulong tungo sa kanilang sariling mga layunin.
- **Panlipunang Pagsasama:** Ang mga bata, kabataan at mga pamilya ay nakakaranas ng pinabuting panlipunang pagsasama.
- **Kalidad ng Buhay:** Ang mga bata, kabataan at mga pamilya ay nakakaranas ng pinabuting kalidad ng buhay.
- **Kaligtasan:** Ligtas sa kultura, may kaalaman sa trauma, at nakasentro sa pamilya na mga serbisyo upang suportahan ang ligtas na pagkuha ng mga serbisyo.

Mga Bata at Kabataan na may mga Pangangailangang Suporta

Susuportahan ng mga serbisyo ang lahat ng mga bata at kabataan, mula sa kapanganakan hanggang 19 taong gulang, at ang kanilang mga pamilya na:

- Mga residente ng BC., at
- May mga palatandaan ng pagkaantala sa pag-unlad o may kumpirmadong pangangailangan sa pag-unlad o kapansanan.

Ang mga serbisyong ito ay boluntaryo, at kabilang dito ang mga bata at kabataang naninirahan sa pangangalaga ng Ministryo o ng Katutubong Itinalagang Ahensya, ang mga lumilipat sa labas ng pangangalaga, gayundin ang mga walang pangangalaga.

Mga Pundasyon ng Serbisyo

Kinikilala ng MCFD ang malakas na impluwensya ng mga karanasan, mga relasyon, at mga pisikal na kapaligiran sa pag-unlad ng bata at kabataan at panghabang-buhay na kagalingan. Ang paniniwalang ito ay makikita sa mga halaga at mga paraan na bumubuo sa pundasyon ng lahat ng mga patakaran at mga serbisyo at gumagabay sa bagong modelong ito. Ang lahat ng mga elemento ng bagong modelo ay magiging:

- May kaalaman sa Trauma: lahat ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta at kanilang mga pamilya, kahit sino man ang nagbibigay sa kanila, ay may kaalaman sa trauma.
- Ligtas sa Kultura: lahat ng mga serbisyo ay ligtas sa kultura at walang estigma o kapootang panlahi.

Habang nangyayari ang karagdagang pakikipag-ugnayan, ang mas malinaw na mga kahulugan ng ligtas sa kultura at kasanayang may kaalaman sa trauma ay dapat na magkakaugnay sa lahat ng mga elemento ng serbisyo. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay inaasahang magkaroon ng mga relasyon sa mga komunidad, parangalan ang pagkakasundo, at itaguyod ang ligtas sa kultura na kaugnay sa mga komunidad na kanilang sinusupportahan.

Mga Halaga ng Balangkas ng Serbisyo

Limang mga halaga ang gumagabay sa mga desisyon sa pagpopondo, pagpapalano at paghahatid ng mga serbisyo. Ang mga pagpapahalagang ito ay nagsisilbi upang mag-udyok, magbigay-inspirasyon, at gumabay sa mga serbisyong nagdiriwang ng mga talento at mga kakayahan ng mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta upang matulungan silang makamit ang kanilang mga layunin at hangarin.

1. **Mga Serbisyong Inklusibo at Madaling Makuha** na sumusuporta sa malaking pagkakapantay-pantay, na may agarang pagkuha sa mga serbisyong sumusuporta sa kalidad ng buhay at pagsasama sa lipunan;
2. **Mga Katutubong Tagapagbigay ng Serbisyo para sa mga Katutubong Bata, Kabataan at Pamilya** sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga Katutubong mga Tao, mga pamahalaan at mga organisasyon upang pinakamahusay na matugunan ang mga hangarin at pangangailangan, at para igalang ang ating responsibilidad at pangako sa pagkakasundo;
3. **Mga Kalakasan at Mga Serbisyong Nakabatay sa Pangangailangan** at mga paraan na ginagabayan ng bata o kabataan at kanilang pamilya, at kinikilala ang kanilang suportang pangkat;

4. **Ang Panlipunang Pagsasama-sama** ay sinusupportahan upang ang mga bata at kabataang nabubuhay na may mga kapansanan, at ang kanilang mga pamilya, ay kasama sa kanilang mga komunidad;
5. **Mabisa at Mataas na Kalidad** na mga serbisyo na ligtas at may pananagutan.

Upang matiyak na nararanasan ng mga pamilya ang mga halagang ito, lahat ng serbisyo ay:

- Maging boluntaryo;
- Aktibong isali ang mga bata, kabataan at mga pamilya sa mga serbisyo;
- Gagamit ng nakasentro-sa-tao pagpapalano at mga kaugnay na pamamaraan;
- Ipagkakaloob sa isang hanay ng mga kapaligiran at mga oras;
- Magbigay ng impormasyon at pagsusuporta sa mga koneksyon.

Modelo ng Paghahatid ng Serbisyo

Ang mga serbisyo ay inihahatid sa pamamagitan ng dalawang paraan ng suporta: mga sentro ng koneksyon sa pamilya at MCFD. Ang mga sentro ay may pananagutan para sa Mga Serbisyong Nakatuon sa Pag-unlad at Layunin. Ang MCFD ay responsable para sa Kapansanan at Mga Serbisyong Panlalawigan.

Ang lahat ng mga serbisyo ay gagamit din ng mga batay sa relasyon, sentro sa pamilya at holistic na mga paraan. Kabilang dito ang pagsasama ng **grupo ng suporta** ng bata, kabataan at pamilya at paggamit ng mga paraan na nakasentro sa tao sa pagpapalano at mga talakayan.

Ang isang **grupo ng suporta** ay malawak na tinukoy na kasama ang pamilya (na kinabibilangan ng lahat ng pamilya at mga magkaka-ibang relasyon, mga karanasan, at mga sistema ng pagkakamag-anak) pati na rin ang iba pang mga mahahalagang tao na kasangkot sa buhay ng bata, kabataan at/o pamilya. Ito ay upang matiyak na ligtas na makukuha ng lahat ng pamilya ang suporta mula sa mga serbisyong pansuporta sa konteksto ng kanilang komunidad.

Pangunahing Tagapag-ugnay ng Suporta

Kapag ang isang bata o kabataan at ang kanilang pamilya ay nakakakuha ng higit sa isang serbisyo o suporta, isa sa mga propesyonal na iyon ay gaganap sa tungkulin bilang **pangunahing tagapag-ugnay ng suporta**. Ang pangunahing tagapag-ugnay ng suporta ay makikipagtulungan sa bata o kabataan, sa kanilang pamilya at sa kanilang grupo ng suporta upang maghatid ng mga serbisyo, magbahagi ng impormasyon, at tumulong sa paghahanap sa mga suporta at serbisyo.

Mga Paglalarawan ng Serbisyo

Ang Balangkas ng Serbisyo na ito at ang mga serbisyong inilarawan sa ibaba ay batay sa konsultasyon sa isang malawak na grupo ng mga pamilya at mga tagapagbigay ng serbisyo na nangyari noong 2019 at nagpapatuloy hanggang 2022. Kasama sa mga konsultasyon ang partikular na pakikipag-ugnayan sa mga Katutubo, First Nations, Inuit at

Métis na mga Tao at mga kasosyo. Kung paano susuportahan at itataguyod ang mga Katutubong tagapagbigay ng serbisyo sa loob ng bagong sistema ay nangangailangan ng karagdagang, makabuluhang pakikipag-ugnayan at konsultasyon sa mga Katutubo, First Nations, Inuit at Metis na mga tao at mga kasosyo.

Habang ang maagang pagpapatupad ay nagsisimula, ang pakikipag-ugnayan sa mga katutubong komunidad, mga pamilya, at mga tagapagbigay ng serbisyo ay magpapatuloy.

Pangitain para sa Pagpaplano ng Suporta

Nakatuon ang proseso ng pagpaplano ng suporta sa patuloy na pagbubuo ng mga nagtutulungang relasyon at pakikipagkasosyo sa pagitan ng kawani ng sentro ng koneksyon sa pamilya at ng bata o kabataan at ng kanilang pamilya. Hihikayatin at ibibigyan ng kapangyarihan ng mga kawani ang bata o kabataan at ang kanilang pamilya na pamunuan ang pagpaplano ng mga serbisyo upang suportahan ang kanilang natukoy na mga pangangailangan at mga layunin.

Ang lahat ng mga serbisyong kasangkot sa pagpaplano ng suporta ay magsasama ng mga regular na pagkakataon para sa mga pamilya upang regular na suriin ang kanilang mga plano sa suporta kasama ang tagapag-ugnay ng plano ng suporta at pangkat ng mga propesyonal at mga grupo ng suporta. Ginagawa ito upang matiyak na ang mga serbisyo ay naiaangkop at naibabagay bilang tugon sa mga nagbabagong pangangailangan.

Mga Sentro ng Koneksyon sa Pamilya

Ang mga sentro ng koneksyon sa pamilya [family connection center (FCCs)] ay mga kinontratang ahensya ng komunidad na matatagpuan sa buong lalawigan at nilalayon na magbigay ng boluntaryong mga serbisyo ng suporta sa mga bata, kabataan at mga pamilya sa bawat heyograpikong rehiyon. Sila ang magiging responsable sa pagtitiyak na ang mga bayan at mga malalayong komunidad ay may makukuhang mga serbisyo, pati na rin ang mas malalaking sentro ng populasyon. Gagawin nila ito sa pamamagitan ng pakikipag-uganayan (tulad ng mga serbisyo sa loob ng bahay o sa loob ng komunidad), virtual na serbisyo, at serbisyo sa mga pisikal na lokasyon ng FCC. Maaaring kabilang sa mga pisikal na lokasyon ang isang sentral na lokasyon at mga satellite space upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng mga pamilya sa rehiyon.

Ang mga FCC ay maghahatid ng dalawang pangunahing uri ng mga serbisyo; Mga Serbisyo sa Pag-unlad at Mga Serbisyong Nakatuon sa Layunin.

- 1) Kasama sa **Mga Serbisyo sa Pag-unlad** ang edukasyon at pagpatnubay, kabilang ang Tungkol sa Aking Anak/Tungkol sa Akin na kagamitan, pagsusuri ng pag-unlad, at pagsubaybay sa pag-unlad. Ang mga serbisyong ito ay magagamit sa sinumang kumokonekta sa isang FCC.

Tungkol sa Aking Anak/Tungkol sa Akin

Ang Tungkol sa Aking Anak/Tungkol sa Akin ay mga kagamitang paglalarawan na nag-aalok ng pagkakataon para sa mga pamilya na talakayin ang kanilang mga alalahanin o mga tanong sa kawani ng FCC, ilarawan ang kanilang konteksto, at ibahagi ang mga kalakasan at mga pangangailangan ng kanilang anak o kabataan.

Ang mga kagamitang ito ay isang paunang intake na talatanungan na kinumpleto kasama ng pamilya at **hindi sapilitan** para sa pagkukuha ng mga serbisyo sa isang FCC. Ang mga kagamitan ay tumutulong sa mga kawani at mga pamilya ng FCC na matukoy ang mga susunod na hakbang sa kanilang suporta.

Pagsubaybay sa Pag-unlad

Ang pagsubaybay sa pag-unlad ay inilaan para sa sinumang bata o kabataan at kanilang pamilya kung saan may pag-aalala ng pagkaantala sa pag-unlad o kung ang pagkaantala ay binigyang-diin sa pamamagitan ng mga pag-uusap sa kawani ng FCC. Ang pagsusubay sa pag-unlad ay nag-aalok ng patuloy na mga pagsiyasat para sa mga pamilya, kaya sila ay regular na sinusupportahan ng sentro habang lumalaki ang kanilang anak. Nagbibigay-daan ito para sa napapanahong mga koneksyon sa mga bagong serbisyo at pagbabago sa mga nagpapatuloy na serbisyo. Ang pagsubaybay sa pag-unlad ay nag-aalok din ng mga pagkakataon sa mga pamilya na magbahagi ng katugunan at makakuha ng impormasyon.

- 2) Kasama sa **Mga Serbisyong Nakatuon sa Layunin** ang pagbuo ng layunin, pagpapalano ng suporta, suporta sa pamilya, mga suporta sa pag-uugali at pagbuo ng kasanayan, mga interbensyon, mga terapi, suporta sa kalusugan ng kaisipan at mga suporta sa klinikal na kalusugan ng kaisipan. *Ang mga suporta sa kalusugan ng kaisipan* ay nakapirmi sa loob ng mga suporta ng pamilya, mga suporta sa pag-uugali, at mga serbisyong pang-edukasyon na inaalok ng kawani ng FCC. Ang mga serbisyong ito ay tumutugon sa pangkalahatang pag-unlad kabilang ang panlipunan at emosyonal na kagalingan para sa mga bata at kabataan na may edad 0-19 taong gulang.

Kapag nakakuha ang isang pamilya ng maraming Mga Serbisyong Nakatuon sa Layunin, maaari nilang makuha ang pagpapalano ng suporta sa tulong ng isang pangunahing tagapag-ugnay ng suporta.

Pagpapalano ng Suporta

Ang mga plano sa suporta ay binuo nang sama-sama sa mga bata o kabataan at kanilang mga pamilya gamit ang isang pamamaraan ng pagpapalano na nakasentro sa pamilya at tao. Kasama sa mga plano sa suporta ang mga kontribusyon ng isang grupo ng suporta ng isang bata o kabataan at ang mga layuning binuo nila sa mga propesyonal na nagbibigay ng mga suporta at mga serbisyo.

Ang bawat propesyonal ay magsisikap na bumuo ng matibay na relasyon at makikipagtulungan sa bata o kabataan, kanilang pamilya, at kanilang grupo ng suporta upang matiyak na ang bawat isa sa mga serbisyong ito ay ligtas sa kultura, may kaalaman sa trauma, at makabuluhan.

Upang matiyak ang pare-parehong paghahatid ng mga serbisyo, ang isang FCC at ang mga satellite o subcontractor nito ay gagamit ng isang platapormang impormasyon na ibinigay ng MCFD, pati na rin ang pare-parehong pamantayan, upang matukoy ang mga pangangailangan ng suporta. Susunod ang FCC at mga satellite sa mga pangkalahatang patakaran, Prinsipyo ng Jordan, at mga alituntunin upang suportahan ang paghahatid ng mga serbisyo sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya.

Mga Serbisyo para sa Kapansanan

Kapag natukoy ng isang bata o kabataan ang matagal na pangangailangan sa paggana at/o isang matagal na kapansanan maaari silang maging karapat-dapat para sa mga Serbisyo sa Kapansanan ng MCFD [MCFD Disability Services]. Ito ay mga boluntaryong suporta na ibinibigay ng Ministeryo. Kasama sa mga serbisyo para sa kapansanan ang:

- 1) **Pagpaplano at koordinasyon ng suporta:** Ang manggagawa ng CYSN (isang propesyonal na nagtatrabaho ng MCFD upang maghatid ng mga serbisyo sa kapansanan) ay gumagana bilang pangunahing tagapag-ugnay ng suporta kapag ang isang bata o kabataan at pamilya ay kumukuha sa Mga Serbisyo para sa Kapansanan. Ang manggagawa ng CYSN ay nag-uugnay rin ng mga pagpupulong sa pagpaplano/pagsusuri sa mga propesyonal at sinusubaybayan at tinatasa ang pagbibigay ng mga nakakontratong suporta.
- 2) **Suporta sa pagpapahinga para sa mga pamilya;**
- 3) **Pagiging magulang at propesyonal na mga suporta.**

Mga Serbisyonang Panlalawigan

Ang mga serbisyonang ito ay nilayon upang suportahan at bigyang-daan ang mga pamilya na makakuha ang iba pang mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta. Ang mga ito ay mga partikular na serbisyo din na maaaring isama sa mga plano ng suporta. Ang mga serbisyonang ito ay:

- 1) **Mga serbisyo ng impormasyon** para sa lahat ng mga miyembro ng publiko (kabilang ang mga tagapagbigay ng serbisyo);
- 2) **Umaangkop at kadalang kagamitan at biomedical na kagamitan at mga panustos** na ibinibigay sa mga karapat-dapat na bata at kabataan na may pagtuon sa pagsusuporta sa kanilang mga pangangailangang paggana;
- 3) **Mga benepisyong pangkalusugan** para sa mga karapat-dapat na bata at kabataan
- 4) **Konsultasyon sa paglipat** ng kabataan at impormasyon;
- 5) **Mga serbisyo sa bingi at mahina ang pandinig;** at
- 6) **Pamamahala ng panlalawigang kontrata** para sa mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta.

Konklusyon

Ang Balangkas ng Serbisyonang ito ay kumakatawan sa isang bahagi ng isang mas malaking pakikipagtulungan na pagsisikap upang maihatid ang madaling makuha, mataas na kalidad, ligtas sa kultura, may kaalaman sa trauma, at mga epektibong serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangang suporta at kanilang mga pamilya. Ang mga sentro ng koneksyon sa pamilya, mga Serbisyo sa Kapansanan, at mga Serbisyonang Panlalawigan ay makikipagtulungan upang magbigay ng pinakamahusay na posibleng hanay ng mga suporta para sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya sa

loob ng konteksto ng kanilang mga indibidwal na pangangailangan at kagustuhan, kanilang grupo ng suporta at kanilang mga komunidad.

Habang nagpapatuloy ang pakikipag-ugnayan, ang Balangkas ng Serbisyo at ang Mga Paglalarawan ng Serbisyo ay lalago at magbabago upang ipakita ang katugunan at kontribusyon. Nagpapasalamat kami sa lahat ng trabahong ginawa ng mga pamilya at mga kasosyo sa amin sa ngayon, at nagpapasalamat kami sa lahat ng kontribusyong ibinigay at gawaing ginagawa ngayon at sa hinaharap.